Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-5 NG SETYEMBRE, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9.05 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 200-T'2001*
*KAPASIYAHANG KINIKILALA ANG ROTARY CLUB OF STA CRUZ-CAPITOL BILANG ISANG SAMAHAN, AYON SA PAGSUNOD SA KAUTUSANG BAYAN BLG. 5-T'92.*

*SAPAGKA'T,* ayon sa Kautusang Bayan Blg. 5-T'92, lahat ng mga samahang sibiko o samahang di-konektado sa pamahalaan (NGO's) ay kinakailangang i-accredit o kilalanin ng pamahalaang bayan:

*SAPAGKA'T* may kahilingan ang Rotary Club of Sta. Cruz-Capitol na kilalanin ito bilang isang samahan ayon sa pagsunod sa nasabing kautusan;

*SAPAGKA'T,* matapos na masuri at makita ang pagtugon ng nasabing samahan sa mga kailangan o "requirements para sa pagkilala ng isang samahan ay iminungkahi ng Tagapamuno ng Lupon sa Batas na irekomenda ang pagkilala sa nabanggit na samahan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng mga Kgg. kag. Florencio C. Odejar, Jeffrey A Villaseñor, Roselon F. Pamatmat at Louie C de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na kilalanin ang Rotary Club of Sta Cruz-Capitol bilang isang samahan, ayon sa pagsunod sa Kautusang Bayan Blg. 5-T92.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Rotary Club of Sta Cruz-Capitol at Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*
*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan